# KRISIS SA EDUKASYON SA PILIPINAS

*by:*
**Lauro Y. Dela Rosa Jr.**
*Teacher II, Bataan School of Fisheries*

Bago pa man tumama ang COVID-19 at nagdulot ng mga problema sa ating bansa, partikular sa ahensa ng edukasyon, ang kalagayan sa pananalapi ng ating bansa patungkol sa mga problema sa edukasyo ay siyang nangungunang salik na nagdaragdag sa lumalaking isyu sa edukasyon sa Pilipinas. Ngayon, bilang mga guro ay susuriin natin nang malalim ang kasalukuyang katayuan ng edukasyon sa Pilipinas at kung paano tayo makibahagi sa mga pagsusumikap upang makatulong na labanan ang mga krisis na lalong nagpapahirap sa pagpapalaganap ng isang de-kalidad na edukasyon.

Bunsod ng paglaganap ng COVID-19, dumami ang mga isyu sa edukasyon sa Pilipinas at humarap ng mga bagong hamon na nagpalala sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Sa biglaang mga kaganapang dulot ng krisis sa kalusugan, ang mga paraan sa pagkakatuto sa pamamagitan ng internet o mga broadcast sa TV, online na klase, modular, at iba pang mga social platform ay iniutos. Dahil dito, umusbong ang isa pang isyu sa kasalukuyang sistema sapagkat milyun-milyong Pilipino ang walang access sa mga computer at iba pang mga digital na tool sa bahay upang tugunan ang mga nabanggit na pamamaraan sa pagkakatuto.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngayon, ating alamin ang mga nangungunang isyu sa edukasyon sa Pilipinas. Sa usapang kalidad ng edukasyon, saksi ang mga numero naging resulta ng 2018 Programme for International Student Assessment (PISA), kung saan sa 79 na kalahok na bansa, ang Pilipinas ay nakakuha ng pinakamababa sa pag-unawa sa pagbasa na siyang nagpapakita na nagkaroon ng pagbaba sa katayuan ng elementarya at sekondaryang edukasyon sa ating bansa. Bukod pa rito, ang ating bansa ay nananatiling isa sa pinakamababang alokasyon ng badyet para sa edukasyon kumpara sa mga kartig bansa

natin sa ASEAN. Maging ang pagtaas ng porsyento ng mga kabataang hindi nakakapag-aral (Out-Of-School Youth) lumalaki dahilan sa pagkatakot sa masamang epekto ng COVID-19. Nariyan din ang malaking bilang ng mga taong walang trabaho o kulang ang sahod dahil sa hindi pagkakatugma ng kanilang kasanayan at aktwal na mga trabaho. At higit sa lahat at ang talagang nakalulungkot ay ang malaking isyu ng pagkukulang sa mga silid-aralan, guro, at iba pang mga kagamitan upang maitaguyod ang de-kalidad na pagkakatuto ng mga mag-aaral.

Dahil dito, bilang mga guro ay nararapat lamang natin ugatin ang mga pinakamalalim na dahilan sa likod ng mga krisis at isyung ito upang tayo ay makatulong sa pagpapaunlad ng eduaksyon sa Pilipinas. Hindi dapat natin balewalain ang kahalagahan ng pagkakatuto ng mga bata habang sila ay nasa apat na sulok ng silid-aralan. Sa panahon ng mga krisis at biglaang pagbabago, ang pagkakaroon ng tuwid na daan patungko sa de-kalidad na edukasyon ay dapat nating pahalagahan. Dahil bukod sa katotohanan na ito ay pangunahing karapatang pantao ng mga bata, ang pagkakaroon ng isang matatag na estado ay maaari lamang mangyari kung ang bawat isa ay may pagpapahalaga sa edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Abante News, A. (2021, July 6). Krisis SA edukasyon. Abante. Retrieved June 4, 2022, from https://www.abante.com.ph/krisis-sa-edukasyon/